# Gabay sa Mahiwagang Gamit

Ito ang gabay para malaman ng mambabasa ang sumusunod:
- Ano ba ang mahiwagang gamit
- Paano makakuha ng mahiwagang gamit
- Paano malalaman kung may power ang gamit
- Paano magkaroon ng power ang isang gamit
- Paano alagaan ang gamit

## Ano ba ang Mahiwagang Gamit:

Ang mahiwagang gamit ay kahit anong bagay sa mundo na may kapangyarihan. Tinatawag natin itong perlas, mutya, agimat, anting-anting at iba pa. Maaaring bato, kahoy, medalyon o ano pa mang porma.

Ang mga kapangyarihan ay maaaring:
- Pampalakas
- Pampatapang
- Pampaswerte
- Pampaaamo
- Pampatalino
- Pampagwapo
- Pagmamahal
- Pampa-invisible
- Pandepensa sa pisikal o spiritwal
- Panggagamot
- At iba pa

## Perlas ng Kapangyarihan mukhang laruan?

Minsan may mga perlas na lalabas mula sa meditation na turo ko na mukhang laruan pero may power din. Wag kayo maloko sa hitsura ng isang gamit.

Minsan ay makakuha ang mga sakop ko ng mga holen na mistulang laruan ng bata dahil may cartoons lang na nakalagay. Pero hindi tayo dapat tumingin sa halaga ng isang bagay sa panlabas lang nilang anyo kundi sa kapangyarihang taglay nila.

Gaya ng sabi ko, kahit anong ordinaryong gamit dito ay maaaring lagyan ng kapangyarihan. Kasama na rito ang mga laruan. Kakaiba ito sa turo ng ibang mga antingero na may mga spesipikong hitsura lang ng bato o medalyon na sasabihin nilang maaaring may power.

Kung kaya't kailangan matuto tayong palakasin ang ating kakayahan sa spiritwal na pananaw para malaman alin ba talaga ang may kapangyarihan o wala.

## Paano makakuha ng Mahiwagang Gamit:

Pwede mo ito:
1. Bilhin
2. Manahin
3. Hanapin
4. Gawin
5. Palabasin

#### 1 BILHIN

May mga nagbebenta ng iba't ibang mahiwagang gamit. Maraming groups sa social media para sa mga perlas, anting, agimat, mutya, medalyon at iba pang mahiwagang gamit.

#### 2 MANAHIN

Kung may manggagamot, spiritwal o misyonaryo na ninuno ang isang tao, maaaring pamanahan sila ng mga mahihiwagang gamit.

#### 3 HANAPIN

Pwede rin maghanap ng mga mutya sa kalikasan. Kailangan lang mag-ingat dahil maraming iba ibang panganib na kailangan pagka-ingatan sa kadawagan ng kalikasan.

#### 4 GAWIN

Kung matuto kang magkarga ng kapangyarihan sa isang gamit, pwede ka gumawa ng mahiwagang gamit mula sa ordinaryong gamit.

Isa rin itong inoffer kong serbisyo. Marunong kaming maglagay ng power sa isang ordinaryong gamit. Pwede kami maglagay ng power na gusto niyo.

https://ericroxas.com/powergamit/

**5 PALABASIN**

Kung magmeditate ka sa turo kong FREE 3rd Eye Meditation, makakapagpalabas kayo ng perlas ng kapangyarihan mula sa kabilang mundo sa pagsikap niyo ng sinsero.

**Oo, parang magic kasi pwedeng lumitaw lang bigla sa paligid niyo.**

www.ericroxas.com/3rdeyemedi

Ito ang limang paraan para makakuha ng mahiwagang gamit. Pero mas maganda ay bago mo bilhin ang gamit o magdesisyong mahiwaga ito, kailangan ay siguraduhin mo na may power ba talaga ito.

## Paano ko malaman kung may power o wala ang gamit?

Mabuksan kayo sa inyong 3rd Eye gamit ang FREE 3rd Eye Meditation na turo ko para malaman niyo kung may power talaga ang isang diumanong mahiwagang gamit. Sa tauspusong pagsisikap niyo, pwede kayo makakita sa ano ang mga kapangyarihan ng mga gamit na hawak niyo - lalo na kung magmisyon kayo sa turo ko.

Kung gusto niyo ng tulong ko, mayroon po akong FREE Basic Aura sa Gamit para malaman kung may halaga o wala ang isang gamit:

www.ericroxas.com/basicgamit

Kung gusto niyo naman ng detalyadong pag-aura sa gamit, pwede kayo mag-avail sa aking Premium Aura sa Gamit:

www.ericroxas.com/premiumgamit

## Paano ang gamit nagkaroon ng power?

May iba't ibang paraan na magkapower ang mga bagay sa mundo (perlas, mutya, agimat, anting at iba pang tawag natin sa mahiwagang gamit).

Ipapaliwanag ko ang mga pamamaraan dito:

**1 POWER GALING SA MUNDO NG TAO**

Lahat ng bagay sa mundo ng tao ay may angking perlas, mutya o agimat kung marunong ka.

Lahat ng mga hayop ay may mutya:

Ilang halimbawa nito ay:

- Mutya ng ibon - Maliksi ka sa kilos
- Mutya ng linta - Di ka mamatay kahit gilitan ka sa leeg
- Mutya ng unggoy - Magaling ka magnakaw
- Mutya ng taklobo - Para lumakas ang pagkuha ng katas ng tuba

Lahat ng elemento ng kalikasan ay may mutya:

- Mutya ng apoy - Mainit ulo mo para makipag away para sa sundalo
- Mutya ng tubig - Mapagmahal ka sa mga kapwa mong tao
- Mutya ng hangin - Mataas ang resistensya at endurance mo. Mapagpasensya ka
- Mutya ng lupa - Magiging mapagkumbaba ka at di ka madaling magalit tapos magaling ka magmina para sa ginto at ibang mga mahalaga sa lupa at magaling ka ring magtanim

Mga halaman at puno may mutya din.

- Saging - Paswerte
- Gabi - Di ka mabasa ng ulan
- Mangga - Gayuma para sa babae
- Narra - Gusto mo dumaan sa matuwid na daan
- Libon na niyog - Maging invisible ka para panggyera

**2 POWER GALING SA IBANG MUNDO**

May dalawang klase ng pagkaroon ng power mula sa kabilang mundo:

Una ang bato ay nariyan na sa paligid mo pero nalagyan lang ng ilaw sa pagmeditate sa turo kong FREE 3rd Eye Meditation.

Pangalawa, ang bato ay nabuo mula sa mga liwanag na naipon mo sa FREE 3rd Eye Meditation na turo ko. Nagmaterialize ka ng perlas mula sa liwanag sa hangin. Malagyan ng ilaw mula sa mundo ng Engkanto o sa Langit, Impyerno at iba pang mundo.

Kung interesado ka magkaroon ng Perlas ng Kapangyarihan mula sa FREE 3rd Eye Meditation na turo ko, sana makapagsikap ka ng mahusay sa tinuturo ko.

**3 DASAL O ORASYON**

Kahit anong bagay sa mundo ng tao ay maaaring malagyan ng power kung dasalan o orasyunan. Kahit ano talaga.

Isang halimbawa. Ang mga medalyon ay gawa ng mga tao ayon sa mga simbolong banal. Kung wala pang dasal ang mga ito, walang power at maaaring malakaran na hindi magkasakit. Pero kung may power na, hindi na pwede lakaran at tratuhin ng walang respeto.

Hindi lang din ito para sa mga gamit kundi pati na rin sa pagkain. Kailangan na tayo mag-ingat pagkatapos na madasalan na ito.

Halimbawa ang Ostiya. Bago blessingan ay ordinaryong tinapay lang yan pero kapag makonsagrahan na kahit ng isang ordinaryong pari ay hindi na pwede disrespetuhin. Kung matapakan ito, pwedeng magkasakit o madisgrasya ang nakatapak.

Hindi man dali-dali o instant mangyari ito, balang araw may negatibong epekto.

Ang mga makuha din na mga perlas sa kabilang mundo ay pwedeng orasyunan. Mas lalakas pa nga lalo ang mga perlas kung lagyan ng orasyon basta tama ang mga orasyon.

Ang marekomenda ko ay ang orasyong makuha niyo sa FREE 3rd Eye Meditation na turo ko. Pinakamalakas nga ang mga gamit na may power mula sa tatlong panggagalingan.

Pwede rin kayong magpalagay ng power sa gamit at isama namin ng libre ang orasyon sa paglagay ng power na yun.

https://ericroxas.com/powergamit/

Nagiging mahiwagang gamit ang gamit dahil may power ito galing sa mundo ng tao, kabilang mundo at/o orasyon / dasal.

# Paano ito alagaan?

**1 DASALAN**

Ang mga mahiwagang gamit ay makukuha sa taimtim na pagdasal na makahanap tayo sa kanila. Kung nakahanap na tayo sa kanila ay dapat magdasal din tayo para palakasin at panatiliin ang mga kapangyarihan nila.

Kahit saan nanggaling ang mga makapangyarihang perlas, mutya o agimat natin (mundo ng tao, kabilang mundo o gamit na inorasyunan o dasalan) lahat sila ay nangangailangan ng dasal.

Nagtuturo ako ng gabay sa pagdasal na libreng ma-download niyo. Ito ang kailangan niyong pangkalahatang dasal para pakainin ang mga perlas, mutya o agimat. Kasama na rin sa gabay sa pagdasal ang pang-araw-araw nating pagdasal.

www.ericroxas.com/gabaydasal

**2 IWASAN ANG SUMPA**

Kailangan alamin ang sumpa ng bawat isang gamit. Ang sumpa sa gamit ay ang bagay na dapat hindi mo gawin para ito ay manatiling may bisa.

Iba't iba ang mga sumpa ng kada gamit.

Kung makakuha ka ng Perlas ng Kapangyarihan mula sa FREE 3rd Eye Meditation na tinuturo ko, kalimitan sa mga perlas ay hindi pwede dalhin sa mga lugar ng kasalanan o kahalayan:

- Nightclub
- Drogahan
- Inuman
- Pokpokan
- Landian
- At iba pa

Kung pupunta ang taong may perlas sa ganitong lugar, dapat iwan na lang niya ang mga perlas niya sa bahay o di kaya sa sasakyan para di mawalan ng power ang kaniyang perlas.

Hindi naman lahat ng gamit ay ganito. May mga gamit naman na iba ang sumpa.

Halimbawa nito ay ang Habak de Gyera o Habak de Spiritwal na ang sumpa lang ay kalandian at ang pagtesting nito na walang totoong engkwentro.

May mga gamit din na di pwedeng dalhin sa patay o sa sementeryo.

Kahit ano ang gamit mo, alamin mo ang sumpa at iwasan ang sumpa para di mawalan ng bisa ang gamit mo.

#### 3 ILAGAY SA SAKTONG LALAGYAN

Kung dalhin niyo ang mga mahiwagang gamit niyo kung saan-saan, ilagay niyo sila sa saktong lalagyan.

*Nasa inyo kung gusto niyo ipakita o itago.*

### Kung guisto niyo itago:

Ibalot sa puti na tela o papel. O di kaya sa mga plastic na envelope para di sila madumihan.

Tapos ilagay niyo sa isang matigas na case para di sila mabasag - lalo na ang mga perlas na babasagin.

Ang sa akin ay nakalagay sa isang glass na matigas at dinadala ko sila sa araw-araw sa shoulder bag ko.

Wag niyo sila ilagay sa may singit o kili-kili niyo.

### Kung gusto niyo ipakita:

Pwede rin namang gawing alahas tapos isuot sa katawan kung gusto niyo makita ng iba.

Bracelet, singsing, kwintas, korona o ano pa man na gusto niyong gawing paraan ng pagsuot, ok lang.

Ingatan lang na di masira lalo na kung maligo kayo sa dagat / ilog o mapunta kayo sa gubat na baka may masabit.

———

Para sa akin lang, hindi ko gusto maipakita lahat at mas gusto kong nakatago ang mga mahiwagang gamit ko. Hindi rin madaling mawala kung sakaling mapigtas ang alahas na gawa sa mga mahiwagang gamit ko.

#### 4 WAG LAKARAN

Ang mga malalakas na gamit ay hindi pwedeng lakaran.

Kahit ano na nablessingan o nakargahan na ng kapangyarihan ay hindi na pwedeng lakaran dahil makakabigay ito ng sakit sa makakalakad nito.

Kailangan niyo ingatan na hindi ilagay ito sa mga mababang lugar lalo na para sa mga batang makulit na walang kaalam-alam sa ano ang epekto ng mga mahiwagang gamit na ito.

Sila kadalasan ang napapahamak sa paglalakad sa mga ganitong gamit.

Wag ilagay sa ilalim ng hagdan o saan mang lugar na malalakaran.

**5 ILAGAY SA ALTAR**

Ang safety gawin kapag nasa bahay ka na ay ilagay ang mga mahiwagang gamit sa altar na nakataas.

Dito mo na rin dadasalan ang mga mahiwagang gamit para mapakain at manatiling malakas ang power ng gamit.

Mas maganda ay nakasarado ang altar mo para hindi manakaw ng kahit sino.

Kung ilagay mo lang kahit saan ang mga mahiwagang gamit mo at hindi binantayan ng maayos ang gamit, mananakaw ang mga gamit mo.

Hindi lang tao ang pwede magnakaw kundi ang mga engkanto at iba pang hindi makitang nilalang.

**6 PA-BLESSINGAN**

Mas maganda na mapa-blessingan ang mga gamit niyo sa mga taong marunong magblessing sa gamit para mas lalo pang lumakas ang mga gamit niyo.

Isa rin po yan sa mga inoffer kong serbisyo sa mga tao.

https://ericroxas.com/blessinggamit/

—

Sana ay mapahalagahan niyo ng maayos ang lahat ng mahiwagang gamit niyo at magamit ito ayon sa kalooban ng Panginoon para sa ikabubuti niyo at ng mga tao sa paligid niyo.

Maraming salamat po at God bless!